## PRAYER

- Ipanalangin na hindi ka titigil sa paghahangad sa Diyos at sa pag-alam ng Kanyang kagustuhan sa buhay mo.
- Ipanalangin na gaya ng pulubi, ikaw din ay makatanggap ng kagalingan sa lahat ng aspeto ng buhay mo.
- Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon upang makapagministeryo ngayong linggo sa mga taong may karamdaman. Ipanalangin na maging pagkakataon ito upang maipangaral mo ang ebanghelyo sa kanila.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

grace changes everything.

# Pinagaling ni Jesus ang Bulag na Pulubi

WEEK 3

## WARM-UP

- Naranasan mo na bang maglakad ng may piring sa mata? Ano ang naging pakiramdam mo?
- May pagkakataon ba na may paulit-ulit kang hiningi at sinabihan kang huminto sa kakahingi? Ikuwento ang nangyari.
- Naranasan mo na bang makita ang isang bagay na akala mo ay imposibleng mangyari? Ano ang naging reaksiyon mo?

## WORD

*42 Sinabi sa kanya ni Jesus, "Makakita ka na! Pinagaling ka ng iyong pananampalataya." 43 Nakakita siya agad, at sumunod siya kay Jesus nang nagpupuri sa Diyos. Nang makita ng mga tao ang nangyari, nagpuri rin sila sa Diyos.*
**LUCAS 18:42,43**

(Basahin din ang **LUCAS 18:35–41.**)

May mga bahagi ng buhay natin na nangangailangan ng kagalingan mula sa Diyos. Minsan, ang kagalingan na ito ay hindi agad-agad na nangyayari. Napanghihinaan tayo ng loob at nawawalan tayo ng pag-asa habang naghihintay ng kasagutan. Sa kuwentong ito, titignan natin kung paano na ang bulag na pulubi—sa kabila ng kanyang kalagayan at ng pagsabi ng mga tao sa paligid na tumahinik siya—ay hindi tumigil sa pagtawag kay Jesus.

## 1 Matiyagang humingi ng awa ang bulag na pulubi.

*[38]Sumigaw ang bulag, "Jesus, Anak ni David, maawa po kayo sa akin!" [39]Sinaway siya ng mga taong nasa unahan, pero lalo pa niyang nilakasan ang pagsigaw, "Anak ni David, maawa po kayo sa akin!"* **LUCAS 18:38,39**

Kahit pa hindi niya nakikita si Jesus, hindi tumigil ang pulubi sa pagtawag sa Kanya at buong tapang na humiling na siya ay pagalingin. Tulad nito, maaari tayong tumawag sa Diyos at humingi ng Kanyang kakayahan saan man tayo naroon at anuman ang ating sitwasyon. May mga sitwasyon ba sa nakaraan na naging hadlang sa pagtuloy mong paglapit sa Diyos? Paano mo napagtagumpayan ang mga ito?

## 2 Pinagaling ni Jesus ang bulag na pulubi.

*[42]Sinabi sa kanya ni Jesus, "Makakita ka na! Pinagaling ka ng iyong pananampalataya." [43]Nakakita siya agad, at sumunod siya kay Jesus nang nagpupuri sa Diyos. Nang makita ng mga tao ang nangyari, nagpuri rin sila sa Diyos.* **LUCAS 18:42,43**

Doon mismo sa lugar na iyon, natanggap ng bulag na pulubi ang pagpapanumbalik ng kanyang paningin. Habang ang iba ay pinigilan siyang tumawag kay Jesus, si Jesus ay huminto at ipinag-utos na dalhin ang lalaki sa Kanya (Lucas 18:40). Gaya ng bulag na pulubi, kapag tayo ay tumatawag kay Jesus, Siya ay laging handa at may panahon na makinig sa atin. May pagkakataon ba na ayaw mong lumapit kay Jesus dahil sa pangamba na hindi ka Niya pakikinggan? Ano ang sinasabi sa 1 Juan 5:14?

## 3 Nagbigay papuri sa Diyos ang madla dahil sa himalang ginawa ni Jesus.

*Nakakita siya agad, at sumunod siya kay Jesus nang nagpupuri sa Diyos. Nang makita ng mga tao ang nangyari, nagpuri rin sila sa Diyos.* **LUCAS 18:43**

Ang ginawa ni Jesus para sa bulag na pulubi ay isang patotoo na maaaring ikuwento ng pauli-ulit, hindi lamang niya, kundi maging ng mga nakakita sa nangyari. Tulad ng bulag na lalaki, magagawa nating maging matapang sa pagbibigay papuri sa Diyos at pagbabahagi ng ginawa Niya sa buhay natin. Paano naging patotoo sa kabutihan at kapangyarihan ng Diyos ang buhay mo? Paano ka naging intensiyonal sa pagbabahagi nito sa iba?

## APPLICATION

- May mga ipinapanalangin ka ba sa Diyos na hindi pa Niya sinasagot? Ano ang maaari mong gawin upang patuloy na manalangin at lumago sa pananampalataya?
- May mga tao ka bang kilala na nangangailangan ng kagalingan mula sa Kanya? Paano ka makakapaglaan ng oras upang matulungan sila ngayong linggo?
- May mga personal ka bang patotoo na maikukuwento? Ano ang maaari mong gawin upang mas marami pang tao ang makakilala kay Cristo?